Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

[illegible] SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-17 NG PEBRERO 2003, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ........... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ........... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 097-T'03

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY II-POBLACION NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG PITONGDAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA LIBO TATLONGDAAN SIYAMNAPU'T SIYAM NA PISO AT TATLONG SENTIMOS (P769,399.03)*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sanggunlang ito ang Kapasiyahan Blg. 15-T'03 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T'03 ng Sangguniang Barangay II- Poblacion na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2003 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan lakip ang mga kapunahan at rekomendasyong nais ipahatid sa nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. II Poblacion.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Edgardo T. Porca at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay II-Poblacion ng bayang ito na nagkakahalaga ng P769,399.03.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagasuri at Sang. Brgy. II-Poblacion, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
*Pang. Punong Bayan*
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan